



Pagsisimulang-muli ng Pagbabayad ng Utang

Tao 1: Alam mo bang pansamantalang inihinto ng Centrelink ang ilang aktibidad sa pagbabayad ng utang noong nakaraang taon? Ginawa nila ito upang pagaanin ang pabigat sa badyet ng mga tao sa panahon ng pandemyang coronavirus.

Kaya, ngayon ay naghahanda na sila para simulan ang muling-pagbabayad ng utang. Sinisimulan na nilang sulatan ang mga taong nabayaran nang sobra upang ipaalam sa kanila kung kailan nila kinakailangang simulan ang muling-pagbabayad ng pera.

Tao 2: Paano ko malalaman kung sobra ang naibayad sa akin?

Tao 1: Kung sobra ang naibayad sa iyo, magpapadala sila ng isang sulat sa iyong myGov Inbox o sa koreo, depende kung ano ang pinili mong paraan ng pagtanggap ng sulat mula sa kanila. Maaari ka rin nilang padalhan ng mensaheng text o tawagan ka sa telepono.

Tao 2: Ano ang dapat kong gawin kung sobra ang naibayad sa akin?

Tao 1: May 3 mahahalagang bagay na kailangan mong malaman:

- Una, hindi mo kailangang bayaran ang lahat ng ito nang minsanan, maaari mo itong bayaran nang mas mahabang panahon.
- Ikalawa, ang pinakamadaling paraan upang bayaran ang pera ay online - gamit ang serbisyong Money You Owe sa iyong Centrelink online account sa pamamagitan ng myGov o Express Plus Centrelink mobile app.
- At ikatlo, kung hindi mo kayang simulan ang muling-pagbabayad ng pera, kailangan mong tawagan ang Centrelink bago ang iyong nakatakdang petsa. Matutulungan ka nilang pumili ng tamang opsiyon para sa iyong kalagayan.

Tao 2: Paano kung nagbabayad na ako ng utang at pansamantalang itinigil ito?

Tao 1: Sa ganitong sitwasyon, magpapadala sa iyo ang Centrelink ng isang sulat upang ipaalam sa iyo kung kailan muling-magsisimula ang ang iyong mga pagbabayad.

Tao 2: Saan ako dapat pumunta para sa karagdagang impormasyon?

Tao 1: Upang makausap kami sa iyong wika tungkol sa mga serbisyo ng Centrelink, tumawag sa **131 202**.

Para sa impormasyon sa Ingles, pumunta sa servicessaustralia.gov.au/debts
Upang mabasa, makinig o manood ng impormasyon sa iyong wika, pumunta sa servicessaustralia.gov.au/yourlanguage.

*(Mabilis na bibigkasin, bilang isang pagtatatwa o disclaimer) *Ang mga tawag sa '13' na mga numero mula sa iyong telepono saanman sa Australya ay sinisingil ng fixed rate. Maaaring iba ang halaga nito sa lokal na tawag at sa ibang mga provider ng telepono.*



Debt Restart

Person 1: Did you know Centrelink paused some debt activity last year? They did it to help ease pressure on people's budgets during the coronavirus pandemic.

Well, now they are getting ready for debt repayments to start again. They are starting to write to people who have been overpaid to let them know when they need to start repaying money.

Person 2: How will I know if I have been overpaid?

Person 1: If you have been overpaid, they will send a letter to your myGov Inbox or in the post, depending on how you choose to get letters from them. They may also send you a text message or call you on the phone.

Person 2: What should I do if I have been overpaid?

Person 1: There are 3 important things you need to know:

- One, you do not need to pay it all at once, you can repay it over time.
- Two, the easiest way to repay money is online using the Money You Owe service in your Centrelink online account through myGov or Express Plus Centrelink mobile app.
- And three, if you cannot start repaying money you need to call Centrelink before your due date. They can help you find the right option for your situation.

Person 2: What if I was already repaying a debt and put it on hold?

Person 1: In that situation, Centrelink will send you a letter to let you know when your repayments will start again.

Person 2: Where should I go for more information?

Person 1: To speak with us in your language about Centrelink services, call **131 202**.

For information in English, go to servicessaustralia.gov.au/debts

To read, listen to or watch information in your language go to servicessaustralia.gov.au/yourlanguage.

(Spoken quickly, as a disclaimer) *Calls to '13' numbers from your home phone anywhere in Australia are charged at a fixed rate. This might differ from the local call rate and between phone providers.